

## ACTIVITY

A. Kumpletuhin ang pangungusap. Iguhit ang larawan na kumakatawan sa nawawalang salita.

1. Binalita ng lingkod ni Job na ninakaw ng mga tulisan ang kanyang mga

at

2. Ang sumunod na lingkod naman at sinabing tinamaan ng

ang mga

sa pastulan.

3. Nang dumating ang ikatlong lingkod ibinalita niya na dumating ang isang hukbo ng

kaaway at kinuha ang lahat ng kanyang

4. Ang pinkahuling masamang balita na natanggap ni Job ay ng malaman na namatay ang

kanyang pitong anak na

at tatlong anak na

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit hinamon ni Satanas ang Diyos tungkol kay Job?
  - a. Sapagkat hindi niya alam ang tunay na pagkatao ni Job
  - b. Sapagkat nais niyang ipakita na si Job ay hindi tapat
  - c. Sapagkat gusto niyang gawing masaya si Job
  - d. Sapagkat gusto niyang magalit si Job sa Diyos

2. Ano ang ginawa ni Job nang malaman niyang nawala na ang lahat ng kanyang pag-aari?
  - a. Nagtago siya sa kanyang bahay
  - b. Sumamba siya sa Diyos at nagpasalamat pa
  - c. Sinisi niya ang Diyos sa kanyang kalagayan
  - d. Nagalit siya sa kanyang mga kaibigan
  
3. Ano ang nangyari kay Job pagkatapos niyang magkaroon ng mga malulubhang sugat?
  - a. Siya ay nagalit sa Diyos at umalis sa kanyang pananampalataya
  - b. Siya ay nagdasal at humingi ng tulong sa Diyos
  - c. Siya ay nakiusap sa kanyang asawa na itigil ang pagsisisi
  - d. Siya ay nag-rebelde laban sa Diyos
  
4. Ano ang nangyari kay Job pagkatapos ng lahat ng pagsubok?
  - a. Siya ay nalugod at namuhay ng masaya na may bagong pamilya at kayamanan
  - b. Siya ay umalis sa kanyang bayan at nagsimula ng bagong buhay
  - c. Siya ay nagsisi at nagbalik sa isang buhay ng kahirapan
  - d. Siya ay nagkaroon ng bagong karera bilang isang mang-uusap
  
5. Ano ang aral na maaari nating matutunan mula sa kuwento ni Job?
  - a. Ang yaman ay mas mahalaga kaysa sa pananampalataya
  - b. Ang Diyos ay hindi nagbibigay ng pagsubok sa mga tapat
  - c. Dapat tayong magtiwala sa Diyos kahit sa gitna ng mga pagsubok
  - d. Ang mga pagsubok ay palaging nagdudulot ng kasamaan

Si Job ay nagpakita ng hindi kapani-paniwalang pagtitiis at pagkamatatag sa kabila ng kanyang pagdurusa. Nanatili siyang tapat sa Diyos kahit na nawala sa kanya ang lahat ng kanyang yaman. Hindi siya sumuko, kahit na siya ay may matinding sakit na dinaramdam at hindi alam kung kailan matatapos ang paghihirap. Sa panahon ng kanyang pagdurusa, nagbigay siya ng papuri sa Diyos. Ang mga batang tulad natin ay dapat na laging maghintay at magtiwala sa Panginoon at manalig, lalo na kapag mahirap ang buhay o hindi natin maintindihan kung bakit nangyayari ang mga bagay-bagay.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Noah ay isang 11-taong-gulang na batang lalaki na nakatira sa isang maliit at maaliwalas na bayan. Siya ay may mapagmahal na pamilya—ang kanyang mga magulang at ang kanyang nakababatang kapatid na si Emily. Tuwing Linggo, pumupunta sila sa simbahan, at gustong-gusto ni Noah ang matuto ng tungkol sa Diyos. Naniniwala siya na hangga't nananalangin ka at gumagawa ng tama, laging siyang aalagaan ng Diyos.

Malapit na malapit si Noah sa kanyang tatay. Lagi silang magkasama—nangingisda, naglalaro, at nagtatayo ng *tree-house* sa likod ng kanilang bahay. Lagi siyang kinukuwentuhan ng kanyang tatay ng mga kuwento mula sa Bibliya, tulad ng kung paano pinrotektahan ng Diyos si Daniel sa yungib ng mga leon at kung paano pinatahimik ni Jesus ang unos sa dagat.

Isang malamig at maulan na gabi, habang pauwi sina Noah at ang kanyang pamilya mula sa isang Christmas play, may malagim na nangyari. Isang sasakyan ang nawalan ng control dahil sa madulas na daan at bumangga sa sasakyan nila. Nang magising si Noah sa ospital, nalaman niyang namatay ang kanyang tatay sa aksidente.

Labis na nagdalamhati si Noah. Ang mundong dati'y pakiramdam niyang ligtas, ngayon ay tila madilim at hindi makatarungan. Sinubukan siyang aliwin ng kanyang ina, habang pinapaalalahanan na kasama nila ang Diyos kahit sa oras ng kahirapan, ngunit ayaw itong marinig ni Noah.

Lumipas ang mga araw at ang kalungkutan ni Noah ay napalitan ng galit. Tumigil siya sa pagdarasal, tumigil sa pagpunta sa simbahan, at pati ang pakikipag-usap sa kanyang mga kaibigan. "Paano hinayaan ng Diyos na mangyari ito?". "Bakit hindi Niya iningatan ang tatay ko? Hindi ito makatarungan!" ang siyang lagi niyang naiisip.

Napansin ng ina ni Noah ang pagbabago sa kanya. Isang gabi, kinausap siya ng kanyang ina at mahinahong sinabi, "Noah, ayos lang na maging malungkot at magalit. Pero huwag mong isarado ang iyong puso sa Diyos. Mahal ka Niya at nais Niya na tulungan kang makaraos dito."

Ngunit hindi pa rin mabitawan ni Noah ang kanyang galit. "Kung talagang mahal tayo ng Diyos, hindi Niya kinuha si Tatay," sabi niya, habang nanginginig sa luha ang kanyang boses.

Isang gabi, ilang buwan pagkatapos ng aksidente, nanaginip si Noah. Nasa *tree-house* siya na ginawa nila ng kanyang tatay, pero ngayon, may malakas na bagyo sa labas. Umiihip ang malakas na hangin, at tila babagsak ito.

Naramdaman ni Noah ang takot at kalungkutan, katulad ng pakiramdam niya mula nang mamatay ang kanyang tatay. Ngunit bigla niyang narinig ang pamilyar na boses—boses ng kanyang tatay—na nagsasabing, “Noah, ayos lang. Hindi ka nag-iisa.”

Sa panaginip, itinuro ng kanyang tatay ang Bibliya na laging nasa tabi ng kanyang kama. “Naalala mo ba ang mga kuwento na binahagi ko sa'yo? Katulad ng kasama ng Diyos si Daniel sa yungib ng mga leon at pinatahimik ni Jesus ang unos, kasama ka Niya ngayon. Kahit na mukhang nakakatakot, may plano ang Diyos.”

Nagising si Noah na may mga luha sa kanyang mga mata. Matagal na niyang hindi naalala ang mga kuwentong iyon. Sa unang pagkakataon mula nang mangyari ang aksidente, siya ay nanalangin. “Aking Diyos, patawad po at nagalit ako sa Inyo. Hindi ko maintindihan kung bakit nangyari ito, pero nagtitiwala ako na kasama ko Kayo. Tulungan N'yo po ako na makaraos.”

Kinabukasan, kinausap ni Noah ang kanyang ina tungkol sa kanyang panaginip. Niyakap siya ng kanyang ina at sinabi, “Sobrang ipinagmamalaki kita, Noah. Mahirap intindihin kung bakit may mga masamang nangyayari, pero naniniwala akong kasama natin ang Diyos sa bawat hakbang, kahit mahirap man.”

Habang lumilipas ang panahon, unti-unting gumaan ang kalooban si Noah. Miss na miss pa rin niya ang kanyang tatay araw-araw, pero nagsimula siyang bumalik sa simbahan at tumulong pa sa Sunday school, ibinabahagi ang mga kuwentong itinuro sa kanya ng kanyang tatay.

Isang araw, habang nakaupo sa *tree-house*, naalala ni Noah ang mga salita ng kanyang tatay sa panaginip. Napagtanto niya na katulad ng *tree-house* na nangangailangan ng matibay na ugat upang manatiling matatag sa bagyo, ang pananampalataya niya sa Diyos ang kanyang matibay na pundasyon. Kahit na inuga siya ng bagyo, alam niyang maaari siyang magtiwala sa Diyos upang tulungan siyang makaraos.

Ang pananampalataya ni Noah ay hindi na katulad ng dati. Ito ay mas malalim, mas matatag, at mas totoo. Alam niya ngayon na hindi palaging magiging madali ang buhay, pero alam din niya na kasama niya ang Diyos, kahit sa pinakamahirap na mga panahon.

Mga tanong:

1. Ano ang madalas gawin ni Noah kasama ang kanyang tatay?

---

2. Paano tumugon si Noah sa trahedyang nangyari sa kanyang pamilya?

---

3. Ano ang sinabi ng tatay ni Noah sa kanya sa panaginip?

---

4. Kung ikaw si Noah, ano ang gagawin mo kapag nakaramdam ka ng galit at kalungkutan dahil sa isang masamang nangyari sa iyong buhay?

---

5. Bakit mahalaga na magpatuloy na maniwala sa Diyos kahit hindi mo agad nauunawaan ang Kanyang mga plano?

---

Ang naging reaksyon ni Noah sa trahedyang ay galit at kalungkutan, mga normal na emosyon kapag nakakaranas ng pagkawala ng mahal sa buhay. Natutunan niya na okay lang na mag-alinlangan at magtanong, ngunit sa huli, nakatagpo siya ng kapayapaan sa pagitiwala na may plano ang Diyos, kahit na hindi niya ito nakikita at nauunawaan kaagad. Nagpatuloy si Noah sa paglalakbay sa kanyang pananampalataya, na may pusong puno ng pagmamahal, tiwala, at bagong pang-unawa na kung minsan, ang pinakamatibay na pananampalataya ay lumalago mula sa pinakamahihirap na hamon. Ang mga batang tulad natin ay dapat matutuhan na ang pagiging tapat sa ating mga damdamin ay hindi nagtutulak sa Diyos palayo; sa halip, nagbubukas ito ng pinto sa pag-unawa at pananampalataya. Dapat nating tandaan na magtiwala sa Diyos, lalo na sa oras ng matitinding pagsubok.



D. Memory Verse

Tinutulungan Niya, mga nagdurusa at di binibigo ang walang pag-asa. **Mga Awit 34:18**

